# Ang mga Thomasites
# *Hukbong Mapagpaamo ng Malupit na Digmaan*

Nancy Kimuell-Gabriel*

The Thomasites were part of the pacification and Americanization campaign of the US in bringing their war of conquest to a decisive victory. Although relatively low in number, they are part and parcel of the US counter-revolutionary force that did not use Krags but books, pencils and notebooks. They were the second army of invasion employed to win the hearts of the Filipino people, specially the elite, who eventually became their colonial partners.

There are not so many sources for the Thomasites. The few sources dwelt mainly on the heroism of the Thomasites. As well as their myriad sacrifices. However noble their personal intentions were, their individual objectives in going to the Philippines were subservient to the goals of the government.

Though regarded as heroes in their own country, the Thomasites were regarded by Filipinos as the agents to make American rule palatable. During the first half of the 20$^{th}$ century, the American teacher was undoubtedly the most important personage in the community, credited for making the Filipino their *"little brown brothers"*.

* Kasalukuyang Instruktor sa Departamento ng Kasaysayan, UP Diliman at mag-aaral sa Masterado ng Kasaysayan. Kasapi ng Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND) at Asosasyon ng mga Dalubhasa, May Hilig at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA).

> "They have fulfilled officially and unofficially a variety of functions foreign to the position of a school teacher in America, but of the utmost advantage in securing the loyalty of the inhabitants to the sovereignty of the United States, and implanting the ideals of western civilization."
>
> *Report of the Census of the Philippine Islands, Vol iii, 1905 pp. 644-5*

**PANIMULA**

Sa panahon ng kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas, mga anak lamang ng uring principalia ang may pagkakataon sa edukasyon. Nakagapos sa kalabaw at nakatali sa pundilyo ng mga prayle ang malawak na populasyon ng mga magsasaka. Noon lamang 1863, sa bisa ng isang dekreto ng pamahalaan ng Espanya nagsimula ang pagkakaroon ng edukasyong primarya sa Pilipinas at magtalaga ng isang guro sa bawat 5,000 populasyon.

Nang maghimagsik ang mga Pilipino at maitatag ang Rebolusyonaryong Pamahalaan noong 1898, binuo nila ang Konstitusyong Malolos na nagtatag ng sistemang pang-edukasyon na malaya sa dikta ng mga prayle, nagdiin sa pagmamahal sa bayan, nagturo ng kalusugang pampisikal at mabuting pagkatao. Ginawa din nito ang Tagalog bilang opisyal na wika ng Republika at binuksan ang *Universidad Cientifico-Literaria de Filipinas* sa Malolos na kapagdaka'y napalipat sa Tarlak at ipinalalagay na unang unibersidad sa Asya.

Kinilala ang karapatan ng mga kababaihan na mag-aral sa kolehiyo at makakuha ng digri. Ipinormalisa nila ang pagtatayo ng akademyang militar at naglaan ng P302,156 para sa edukasyong pampubliko para sa taong 1898.

Sa isang batas ng Rebolusyonaryong Pamahalaan noong ika-4 ng Nobyembre, 1898, ipinag-utos nito ang pagbubukas ng mga paaralang primarya na isinara sa panahon ng pagwawakas ng pamahalang Espanyol. Ipinag-utos din ng pamahalaan na ituro ang Kasaysayan ng Pilipinas sa perspektibong maka-Pilipino at ibasura ang lahat ng doktrina ng simbahan na nakapalaman sa kurikulum ng edukasyon. Subalit hindi pa nagtatagal ang mga Pilipinong guro sa kanilang pagtuturo, nanghimasok na ang mga

Amerikano at sumiklab ang digmaang Pilipino-Amerikano noon ika-4 ng Pebrero 1899.

Nawalan ng saysay ang Pilipinisasyon ng edukasyon mula noon.

Ang artikulong ito ay tungkol sa mga Amerikanong guro, kolektibong kilala sa tawag na THOMASITES na dumating sa bansa noong 1901, bilang bahagi ng kampanyang pasipikasyon at Amerikanisasyon ng interbensyunistang Estados Unidos. Sentral na layunin ng artikulo na ipakita kung paano sila ginamit ng Amerika para sa pampulitikang layunin ng pananakop at panlulupig para tanggapin ng tao ang bagong kapangyarihang kolonyal. Pinapanindigan ng papel na sila ay esensyal na bahagi ng pakikidigma ng US, bilang ikalawang linya ng hukbong walang pumuputok na sandata kundi aklat, lapis at kwaderno lamang ang gamit.

Alam ng US ang halaga ng pagkuha sa puso at isip ng mamamayan sa pamamagitan ng mga Amerikanong guro na itinalaga dito sa Pilipinas magmula 1901 hanggang sa pinakahuling walong Thomasites noong dekada cinquenta. Sila ang ikalawang hukbo ng pananakop ng Estados Unidos. Bagamat kakaunti lamang (1,074 lamang noong 1902 ang pinakamataas na tala), di-hamak na mas mapagpasya at higit na epektibo sila sa panlulupig.

Kakaunti lamang ang batis tungkol sa mga Thomasites. At sa kakaunting ito, nakatampok ang kabayanihan ng mga guro at kanilang dakilang kontribusyon sa Pilipinas – para sa Amerika. Totoo namang hindi matatawaran ang pagpapakasakit ng mga gurong ito: iba ang pagkain, iba ang lupain, mainit ang klima, may epidemya ng kolera, malarya, dengue at bulutong; walang kubeta, walang eskwela, walang *school supplies*; wala o huli ang dating ng sahod at mababa ang kanilang sweldo; malayo sa mga mahal sa buhay, napapatay pa ng mga "bandido" kundi ng mapaminsalang bagyo. Subalit ang paglilingkod na iyon ay hindi maihihiwalay sa kinapapaloobang imperyalistang motibo ng Estados Unidos sa Pilipinas. Gayong bayani ang mga gurong ito para sa kanilang bansa, sa ati'y bahagi naman sila ng kontra-rebolusyonaryong pwersa na ginamit ng Amerika sa pananakop

sa ating bayan. Karugtong na salik sila sa pananatili ng dambuhalang pagkakahating pangkalinangan sa ating bayan.

## I. Ang Digmaaang Pilipino-Amerikano at ang Patakaran ng Mapagpalang Pagkupkop sa Pilipinas

Alinsunod sa patakarang kunin ang Pilipinas bilang kolonya, dinigma ng US ang Pilipinas at ipinormalisa ito noong 4 Pebrero 1899 sa tinatawag na "Unang Putok ng Digmaan." Parang "naging araw ang gabi"[1] sa putukan at pag-aapoy ng paligid, ayon sa isang Amerikanong abogadong si Richard Brinsley Sheridan, na noo'y nasa Maynila at nasaksihan ang unang salbo ng labanan ng mga Amerikano at Pilipino. Dagdag pa niya, napakaraming pinatay ng tropang Amerikano. Sinabi niyang "ang hindi nagawang patayain ng Kastila sa loob ng dalawang siglo, ay siya namang nagawa ng US sa loob lamang ng 48 oras"[2]

Sa disertasyon ni John Morgan Gates,[3] sinabi niyang ang kampanyang pasipikasyon ng tropang Amerikano sa Pilipinas ay larawan ng brutal na mapaniil na mga patakaran at ubod ng samang kabuktutan. Ayon sa kanya, kinukumpirma ng gasgas na linyang *"Civilize 'em with a Krag,"*[4] na karahasan lamang ang paraan ng mga tropang Amerikano para sawatain ang dinatnan nilang lumalagablab na rebolusyon noong 1898. Napakaraming atrosidad ang ginawa ng US sa Pilipinas - pagpatay, pambobomba, panunUnog, pang-aabuso at iba pa. Subalit hindi lang iyon ang buong larawan ng digmaan.

Naging ganap ang panlulupig dahil sa patakarang Amerikanisasyon ni Pres. Mckinley. Ibinalangkas sa patakarang "mapagpalang asimilasyon" *(benevolent assimilation)* ng Estados Unidos sa Pilipinas kung paano huhurnuhin ang mga *"little brown brothers;"*[5] at kung paano dudurugin ang nalalabi pang paglaban ng mga Pilipino. Sentral sa patakarang ito ang pagpapalaganap ng sistemang pang-edukasyong maka-Amerikano, diumano'y para turuang makapagsarili ang mga Pilipino.

Ang unang hakbang na ginawa ng mga tropang Amerikano sa bawat bayang pinasok nila'y magtayo ng mga paaralan. Sa Maynila, tatlong linggo makaraan itong ma-okupa ng mga pwersang Amerikano, pitong paaralang pampubliko ang binuksan.[6] Tumayong guro ang ilang sundalong Amerikano

na pinili—sa ispesipikong kahilingan ni Gov. William Howard Taft.

Pagpasok ng 1900, sinimulang ayusin ng gobyernong militar ang gawaing pang-edukasyon sa pamamagitan ng pagtatayo ng opisinang magkokoordina ng lahat ng pagsisikap pang-edukasyon sa buong bansa. Noong 30 Marso 1900, itinayo nila ang *Department of Instruction* sa ilalim ng pamumuno ni Captain Albert Todd. Sa loob ng limang buwan matapos itayo ang Departamento, nag-ulat ito na mahigit 100,000 mag-aaral ang pumapasok sa 1,000 paaralan. Namili at nakapagpamudmod din ang hukbo ng mga imported na kagamitan:, aklat sa matematika, heyograpiya, kasaysayan ng Estados Unidos, Ingles at mga gamit pang-eskwela tulad ng tinta, kwaderno, lapis, bolpen, chalk, black-bord, *slates* at bandilang Amerikano na may kabuuang halagang $100,000. Nakapagbalangkas din si Todd ng kumprehensibong sistemang pang-edukasyon para sa Pilipinas batay sa rekomendasyon ng mga Amerikanong kumander na nakakalat sa mga probinsya.[7] Sinuportahan din nila ang mga bayan na hindi makapagbayad ng sweldo ng mga Pilipinong guro at ng upa sa gusali para sa paaralan.[8]

Iminungkahi ni Todd ang isang sistemang organisado, pinapamahalaan at sinusuportahan ng sentral na pamahalaan. Sinabi niyang *"as yet our Goverment is but at the threshold of public education in the Philippines, and...the future will demand large outlays of money and the labor of experienced and competent educators."*[9] Idinagdag ni Todd na kailangang magkaroon ng kompulsaryong pagdalo ang mga bata at ng primaryang edukasyon na sasalamin ng isang modernong sistemang pampaaralan para sa pagtuturo ng Ingles sa elementarya. Iminungkahi din niya na Ingles ang maging paraan ng pagtuturo sa buong bansa at ang Espanyol at katutubong wika ay gagamitin lamang sa panahong transisyon. Iminungkahi din niya ang pagtatayo ng paaralang pambokasyunal at pang-industriya gayundin ng mga *normal schools*.[10] Gayundin, sinabi niyang dapat lubos na moderno at malaya sa dikta ng simbahan ang mga paaralang ito. Para tuluyang mapaunlad ang sistema ng edukasyon, inerekomenda rin niya ang importasyon ng mga Amerikanong guro. Wika ni Todd *"I am well aware that some of these recommendations imply the*

*expenditure of considerable sums of public money, but I can think of no expenditure which will have greater influence in developing peace and progress in these islands than public schools."*[11]

Sa pag-agaw ng kasarinlan ng bansa ginamit ng mga Amerikano ang aral mula sa kamalian ng Espanya sa pagpapatakbo sa Pilipinas, para sa kanilang kapakinabangan. Hindi nagkamali ang Amerika sa desisyon niyang palaganapin ang edukasyong popular sa Pilipinas. Ang pagkakaroon ng sistemang pampublikong paaralan kung gayon ay parang ulan na bumagsak sa tigang na lupa. Maliban sa ilang lugar na may problema sa pagdalo, hindi na kailangang pilitin pa'ng pumasok ang mga kabataan. Sa Iloilo halimbawa, 438 sa 500 mag-aaral ang naka-enrol; sa Laoag, 80 mag-aaral sa panggabing klase ang regular na natuturuan ng Ingles ng isang sundalong guro. Dahil sa malaking kasabikan at interes na ipinakita ng mga Pilipino sa edukasyon, madaling napagtanto ng mga Amerikanong opisyales na ang pagpapaunlad ng eskwelahan ay may malaking kinalaman sa kampanyang pasipikasyon at kung gayon, may pangunahing halaga. Naniniwala nga si Major Cornelius Gardener, isang opisyal na nakadestino sa probinsya ng Tayabas na, *"if properly managed hereafter, the bureau of education in these islands...can be more beneficial than troops in preventing revolutions."*[12] Ang tingin naman ni Colonel E. J. McClernand ng Cebu na ang kagyat na tulong mula sa sentral na pamahalaan para sa edukasyon ay magkakaroon ng *"excellent political effect, and materially aid in establishing towns under American orders and laws."*[13] Sa Negros, tiningnan ni General Smith ang paaralan at mga sundalong-guro na *"potent factor in bringing the lower classes, by means of the children, into more cordial relations with Americans."*[14]

Itinuturing ng buong hukbo, sa pamumuno ni Heneral Otis, ang gawaing pang-edukasyon bilang kasangkapan ng pasipikasyon at ebidensya ng kanilang mapagpalang asimilasyon kaya nga at sa buong 1900, sinikap nilang paunlarin ang mga paaralan sa mga munisipalidad. Humalili si General Arthur MacArthur kay Heneral Otis noong 5 Mayo, 1900. Tulad ni Otis, itinuring din ni MacArthur ang edukasyon bilang integral na bahagi ng kampanyang pasipikasyon. Para sa kanya, *"it formed an important factor in the military situation."*[15] it *"(the educational*

*system) is an adjunct to military operations, calculated to pacify the people and to procure and expedite the restoration of tranquility throughout the archipelago."*[16] Kaugnay nito, inirekomenda ni Heneral MacArthur na *"the archipelago be submerged immediately under a tidal wave of education."* Ipinahayag din nya ang kanyang kasiyahan na malaki na ang natamo nila sa larangang iyon bago pa siya humalili kay Heneral Otis.[17]

Hindi nagtagal sa pagtuturo ang mga sundalong guro. Bagamat naging kapaki-pakinabang sila sa simula, hindi rin lubusang nabura nito sa isipan ng mamamayan na sila ay pwersa ng marahas na pananakop. *"The people looked upon him with not a little suspicion, for how could they trust him as a 'harbinger of peace and goodwill when only a few months before his countrymen had waged war?"*[18] Kung paanong napaamo ng Amerika ang mga Pilipino at napatanggap ang kanilang paghahari ay trinabaho naman ng ikalawang linya ng hukbong Amerikano – na walang dalang baril kundi libro; na hindi nandarahas kundi nakikibagay sa komunidad -- ang mga THOMASITES.

## II. Ikalawang Linya ng Pananakop: Ang mga Thomasites

Bago pa man mapatahimik ang buong Pilipinas, pinili na ni Hen. Arthur MacArthur si Lt. George P. Anderson bilang Superintendent ng Maynila. Isang gradweyt sa Yale University, si Anderson ay isang boluntaryong opisyal sa hukbong US. Nang siya'y manungkulan sa pagkasuperintendente noong 1 Hunyo 1899, mayroon lamang 39 na eskwela at 4,000 nakatalang mag-aaral.[19] Subalit hindi rin magtatagal si Anderson sa kanyang pwesto sapagkat hahalinhan siya ni Fred W. Atkinson bilang Pangkalahatang *Superintendent* ng *Department of Public Instructions.*

### *Unang Thomasite, Hulyo 1900*

Si FRED W. ATKINSON ay isa ng prinsipal sa isang mataas na paaralan sa Springfield, Massachusetts, na inirekomenda ni President Eliot ng Harvard at ni Gob. Taft para sa naturang pusisyon. Hindi nag-aksaya ng panahon si Atkinson na kumontak ng mga paaralan sa US para sa posibleng deployment sa Pilipinas saka pagkatapos ay tumuloy pumunta sa Pilipinas at dumating siya noong Hulyo, 1900[20] sakay ng barkong Thomas –

at dahil dito'y maaaring ituring na kauna-unahang Thomasite na dumaong sa Pilipinas. Ang paghirang kay Atkinson ay nakalugod nang husto kay Taft dahil ang kanyang pinalitan na si Anderson, na isang military appointee, ay nakakagalit na ng simbahang Katoliko dahil sa kanyang padaskul-daskol na pagharap sa mga tanong na may kaugnayan sa relihiyon.[21]

Humalili si Atkinson kay Father William D. MacKinnon, unang Amerikanong nagbukas ng paaralan sa Pilipinas, isang Boluntaryo ng California, at isang katolikong *Chaplain* na gustong makapasok sa Philippine Commission. Appointee naman siya ni Hen. Otis. Sa pagtatasa ng mga Amerikano, walang kapwa nagawa kapwa sina Anderson at MacKinnon kundi magbukas lamang ng mga paaralan sa ilalim ng pamamahala ng gobyernong militar. Ang tunay na maglalatag ng sistemang pang-edukasyon sa modelong Amerikano at magtataas ng kalidad nito ay ang mga Amerikanong guro—ang *Johnny Apileseed* ng US.

## ANG INSTRUKSYONG MCKINLEY, 7 ABRIL 1900

Ang pagdating ng mga Thomasites ay bunga ng patakaran ng US sa Pilipinas na pairalin ang pasipikasyon ng kolonya sa pamamagitan ng edukasyon. Sa instruksyon ni McKinley sa *Philippine Commission* noong 7 Abril 1900, kanyang sinabi:

> *"It will be the duty of the commission to promote, and as they find occasion, to improve the system of instruction already inaugurated by the military authorities. In doing this, they should regard as of first importance the extension of a system of primary instruction which shall be free for all and which shall tend to fit the people of duties of citizenship and for ordinary avocation of a civilized community. This instruction should be given, in the first instance, in every part of the islands in the language of the people. In view of the great number of languages spoken by the different tribes, it is specially important to the prosperity of the Islands that a common medium of communications be established and it is obviously desirable that this medium should be the English language."*[22]

## ANG ACT NO. 74, 21 ENERO 1901

Masasabing si Atkinson ang arkitekto ng Act No. 74. Matapos niyang pag-aralan ang kalagayan sa Pilipinas, bumuo siya ng mga rekomendasyon na pagbabatayan ng isang batas para sa kampanyang edukasyon sa Pilipinas. Ipinasa ng Kumisyong Taft

noong ika-21 ng Enero 1901 ang Act no. 74 na nagpapahintulot ng importasyon ng 1,000 Amerikanong guro para magturo sa Pilipinas. Sa bisa ng batas na ito, itinayo ang *Department of Public Instruction* sa ilalim ng isang Pangkalahatang Superintendent na may kapangyarihang hatiin ang bansa sa 18 Dibisyon, mag-organisa at magtayo ng mga paaralang normal, agrikultural, bokasyunal at notikal; magpundar ng mga gusali, kagamitan at tumanggap ng mga guro. Naglaan din ng $400,000 para sa konstruksyon ng mga paaralan at $220,000 para sa mga aklat at school supplies. Sinasabi rin dito na tatanggap ng sweldong di-kukulanganin sa $75 at di-hihigit sa $125 kada buwan ang mga Amerikanong gurong kontratadong magturo ng dalawang taon, kasama na ang libreng pamasahe papunta sa Pilipinas. Kung makakatatlong taon ang guro, libre na rin ang kaniyang pamasahe pabalik sa Amerika. Sasagutin ito ng gobyerno ng Pilipinas.

Kasama sa batas na ito ang pagtatalaga sa Ingles bilang wika ng pagtuturo; ang isang beses sa isang linggong pagtuturo ng relihiyon ng kinatawan ng iba't ibang denominasyon at kung ipapahintulot lamang ng magulang alinsunod sa modelo nilang *Faribault Plan*. Bagamat hindi ginawang kompulsori ang pagdalo, ipinapalagay nina Atkinson na kailangan itong gawin para sa maksimum na resulta. Sa antas primarya ang diin ng sistema ng edukasyon. Ibinasura na rin ang mga lumang teksto at mahigit kalahating milyon ng mga aklat ng Amerika ang ipinamudmod; 20,000 desk naman ang ipinagawa sa simula. Para sa suplay ng mga bagong guro sa Ingles, naglunsad ng malawakang rekrutment sa Amerika para makakuha ng 1,000 Amerikanong guro.[23]

Hindi sabay-sabay na dumating ang mga unang Amerikanong guro sa Pilipinas. Limang barko ang sinakyan nila—ang *Meade, Sherman, Sheridan at Buford*. Panghuli ang *THOMAS* na dating *Minnewaska* ang pangalan, isang barkong nagbabyahe ng mga baka at muling pinangalanan ng Thomas.[24] Ito ang tumampok sa kasaysayan dahil eksklusibong (sadyang) inilaan ang byahe niya noong ika-23 ng July 1901 para magdala ng pinakamalaking bilang (540) ng mga Amerikanong guro sa Pilipinas. Sa ngalan ng barkong *Thomas*, kaya tatawagin ang mga unang

Amerikanong gurong *Thomasites*. Mula rin noon, ang lahat ng Amerikanong guro, kahit hindi sa *Thomas* sumakay ay kikilalanin at tatawagin na ring *Thomasites*.[25]

Dumating ang *Thomas* sa bansa noong 21 Agosto, 1901. Nauna nang dalawang buwan ang barkong *Sheridan* sakay naman ang 48 guro at isang linggo naman ang *Buford* kung saan kabilang si Mary H. Fee.[26] Sa *Meade* nakasakay si William B. Freer[27] at sa *Thomas* si Gilbert Perez. Sila ang tatlong Amerikanong guro na nakapagsulat ng aklat tungkol sa kanilang karanasan sa Pilipinas.

Tinawag sila ni Dr. Benigno Aldana na abanteng kawal ng rekonstruksyon at muling pagbangon.[28] Samantalang ayon kay Gilbert Perez, sila ay isang hukbo ng guro-*Argonauts*, isang bungkos ng mga batang babae at lalake na tumalikda sa tawag ng serbisyo sa labas ng bansa sa ngalan ng gobyerno ng Amerika. "*A group*" ayon sa kanya, "*which has labored for almost forty years in the task of building a new nation in the Far East.*" Ayon pa kay Perez, sila ang hukbo ng mga guro na gagampan ng mahirap na gawain, kasinghirap na ginampanan ng mga naunang sundalo sa kanila.[29] Ayon sa kanya,

> "*Never before in the history of the world had any country sent out an army like this. Like soldiers, they were scattered all over the islands. This expedition was one of the most remarkable ever undertaken by a group of teachers in the history of the world. On the one side was a people who neither knew nor understood the underlying principles of our civilization, yet for our mutual happiness and liberty had to be brought in accord with us.*"[30]

Idinagdag pa niya na malaki ang pagkakaiba at agwat ng mga Pilipino at Amerikano kung kaya kailangan ng kaalaman at simpatiya at *fellowship* para maintindihan sila ng mga Pilipino sa isang banda; at sa kabila'y para makuha naman ng mga Amerikano ang simpatiya ng mga Pilipino. At hindi sa pamamagitan ng hukbong may bumubugang sandata kundi isang hukbo ng edukasyon na binubuo ng babae't lalake mula sa 192 institusyong namili sa kanila; isang hukbo ng kabataan na may mataas na idealismo at wagas na layuning makatulong sa pagbuo ng bagong nasyon sa ibayong dagat.[31]

### Kwalipikasyon ng Thomasites

Sa walong libong aplikante para sa posisyon, isang libong guro lamang ang kinuha batay sa sumusunod na minimum na kwalipikasyon: 1) gradweyt ng kolehiyo o mga paaralang normal; 2) karanasan sa gawaing pampaaralan kasama na ang pagtuturo; 3) malusog na pangangatawan kasama ang sertipiko ng isang mapagkakatiwalaang doktor; 4) kakayahang mamalagi sa klimang tropikal at kahandaang tumanggap ng destino sa anumang lokasyong ibibigay ng Pangkalahatang Superintendent. Maliban dito, kailangan ding pasado ng pagsusulit sa serbisyo sibil ang mga hihiranging guro.[32] Masasabing salang-sala ang mga ipinadalang guro noon,[33] karamiha'y lagpas lamang ng edad 20, nasa kasagsagan ng idealismo at diwang adbenturista.[34] Ang midyan ng karanasan sa pagtuturo ay nasa pagitan ng dalawa at tatlong taon at meron din namang kasinghaba ng 29 na taon ang karanasan. May 107 ding bagong gradweyt subalit galing naman sa mga mahuhusay na unibersidad sa Amerika.[35] Karamiha'y may asawa na at kasama pa ng iba ang kanilang pamilya. Kaya may mga batang nakasama sa paglalakbay ng Thomas. Karamiha'y galing din sa New York, California, Massachusetts at Michigan. Sa mga sakay lamang ng Thomas, mas marami ang lalake (368) kaysa babae (141) at sa California nanggaling ang pinakamaraming bilang ng kababaihan (24).[36]

### Motibasyon ng mga Thomasites

Ano ang nagbunsod sa mga gurong ito na magtungo sa inaakalang "isang bansang barbariko at tinitirhan ng mga mangmang na taga-tribo?"

Iba't iba ang motibasyon ng mga Thomasites sa pagpunta sa Pilipinas. Marami sa kanila'y may trabaho na at iniwan ito para mangibang bayan. At ang iba'y kumikita nang maayos kaysa sa bagong trabahong pinasukan.[37] Sa 55 *Thomasites* na nakapanayam ni Dr. Lardizabal, pinakamarami ang nagsabing gusto nilang magturo at makapag-ambag sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas. Pangalawa ang layuning makapag-asawa, lalo na sa mga babae. Ang nobyo ng iilan sa kanila'y nauna na rito sa Pilipinas, kundi bilang sundalo, kapwa guro din o empleyado sa gobyerno. Pangatlong dahilan ang pagnanasang makapaglakbay, makita ang

kabilang dulo ng daigdig, makita ang Silangan (Asya). Samantalang ang pangangailangang magkatrabaho at magkaroon ng isang matatag na karera ang ikaapat na pinakatampok na layunin lalo na para doon sa mga bagong gradweyt. Para sa iba naman, tawag ng diwa ng adbentura ang dahilan. Bukod sa adbentura, ang iba'y may kuneksyon kay Atkinson o sa iba pang tagarekrut ng mga guro. Diwang misyonero at tagapag-umpisa naman ang nananaig sa iba. Ang iba nama'y may kapatid na rito sa Pilipinas, bilang sundalo sa simula kundi man bilang empleyadong sibilyan sa kalaunan.[38]

Dahil iba-iba ang karanasan ng mga Thomasites, ang kanilang pinagmulan, personahe at taglay na pilosopiya sa buhay, idagdag pang hindi na nabigyan ng *briefing* ang iba, iba-iba rin ang naging layunin nila sa pagsisimula ng kanilang trabaho. Halimbawa si Bess Taylor Thompson na nagsaad na layunin niya na *"First, to make people a free people, to give them the same rights as the United States itself demanded of England in 1776."*[39]

Ito naman ang para kay Dr. Buckisch: *"To prepare the Filipinos for eventual independence – to give the people not only a common language but to imbue them with the American idea of justice, fair play and democracy."*[40] Para kay Harvey E. Hostetter, samut-sari ang kanyang layunin: *"To prepare the Filipinos for independence, to promote Christianity, high morals, better health, economic prosperity and peaceful living."*[41] At kay Thomas C. Neal, *"to educate the people and prepare them for self-government."*[42]

Pagnanasang makapagbyahe ang kay Dr. Gilbert Perez. Naisip niyang mainam na pagkakataon ito para makita ang Oriente at nagustuhan niya ang Pilipinas kaya nagpasya na ring mamalagi rito. Makapagpundar naman ng karera ang layunin ni Justice George Malcom na nasa serbisyo mula 1906-1947. Makapagturo at makapagbyahe naman ang gusto ni Luther B. Bewley. Samantalang para kina Martha Gilmore, Anna F. Deebel at Gng. Stanton Youngberg ay para makapag-asawa. Mga *bride* na sina Amelia Burbank, Catherine Estelle, Blossie W. Mumford at Gng. Walter Robb nang sila ay magtungo dito. Ayon nga kay Florence Moore Mustard *"As a teacher I wanted to work in a new field among others rather than Americans. My intended husband, William Mustard,*

*was already in the Philippines.*" Kailangan naman ng trabaho nina T.O. Rinker, A. A. Kirby, M.M. Marquardt at David Gunnell.[43]

Sa 60 dating *Thomasites* na sumagot sa panayam ni Dr. Lardizabal, mailalagay sa anim na kategorya ang mga naging layunin nila sa pagtuturo: 1) ang kagustuhang makapagbigay ng kaalaman; 2) makapagpataas ng antas ng pamumuhay; 3) makapagturo ng Ingles; 4) makapagsanay para sa sariling pamamahala; 5) maituturo ang demokrasya at 6) maitaguyod ang Kristiyanismo.[44]

Nakakalat sa lahat ng probinsya ng Piipinas ang mga *Thomasites*. Pinakamarami ang natalaga sa Maynila dahil dito rin may mataas na enrolment, at may pinakamaraming paaralan. Naririto rin kasi ang *Bureau of Education* na pinamamahalaan ng mga Amerikano. Noong 1902, umabot sa 1,074 ang bilang ng mga Amerikanong guro sa Pilipinas. Bago ang ikalawang Digmaang Pandaigdig, naging 97 na lamang sila dito; pagkatapos ng liberasyon noong 1945, marami sa kanila ang umuwi na at natitira na lamang ang 14. Pagpasok ng dekada 50, walo na lamang ang natira sa kanila.[45] Ang pinakamatagal na nanatili sa serbisyo ay si Luther B. Bewley na tumagal sa serbisyo hanggang 1954. Namirmihan na rin si G. Bewley sa Pilipinas pagkatapos.[46]

Sinasalamin ng mga kasagutan ng mga *Thomasites* ang karaniwang pagtingin ng mga Amerikano noon sa ating mga Pilipino—isang bayan ng mga walang pinag-aralan, at barbariko. Hindi mahirap mapansing nasa balangkas ng patakarang "mapagpalang pagkupkop" ng Amerika ang mga layunin ng mga gurong ito: bigyan tayo ng edukasyon at gawing sibilisado; pataasin ang istandard natin sa pamumuhay at paunlarin ang kabuhayan; turuan tayo ng Ingles para magkaintindihan at magkaisa; at sanayin para matutong pamahalaan ang ating mga sarili.

Nagpapakita ito ng antas ng kamalayan ng karaniwang Amerikano noon, naniniwala sila na makatao ang kanilang bansa, bayan ng malalaya at pantay-pantay na tao, demokratiko at panginoon lamang ng mga sarili. Hindi usapin ang pananakop at aneksasyon ng Pilipinas dahil "maganda" naman ang layunin para sa ating bayan. At dakila ang layuning gawin tayong

kapantay ng mga Amerikano. Sa kamalasan, kung sinsero man ang mga *Thomasites* sa kanilang layunin, hindi ang kanilang pamahalaan na interesado lamang tayong gawing kolonya, palengke ng mga produktong Amerikano at batis ng hilaw na produkto at murang lakas-paggawa. Nakapailalim ang indibidwal na layunin ng mga gurong ito sa sentral na tungkuling itinakda ng pamahalaang Amerikano.

### SENTRAL NA TUNGKULIN

> *"The American teacher in every pueblo in the islands should not only be looked to as an instructor, but be looked up to by those whom he teaches as fellow-citizen, a humanitarian, and a friend. The American teacher, then comes to these islands not as a contract laborer but as a representative of the Government in one of its branches; he stands for all that is included in the word citizenship, and he is concerned with all that is human ...You are sent to the pueblo in a public, not in a private capacity; as an American citizen, not as a missionary;...may it always be said that he is an American citizen, with an intention of working for his country in the problems before it, not a mere adventurer; that he is an educator, throwing his life into the task of drawing out and uplifting his fellows, not a mere laborer drawing his salary; and that he is a man, alive to every human interest, whether or not touched by the terms of his contract with the Department of Public Instruction."*[47]

Hindi lang titser ng Ingles ang mga *Thomasites*. Maliban sa pagtuturo sa mga bata at pagsasanay sa mga guro, kinakailangan niyang makibagay at makipamuhay sa mga Pilipino para makuha ang simpatiya nila at mapatanggap sa kanila ang bagong kolonyal na kaayusan. Kailangang maingat siya sa kanyang asal at gawi dahil kinakatawan niya hindi lang ang kanyang sarili kundi ang sang-kaamerikanuhan. Ekstensyor siya ng gobyerno—siya ang maamo at mapagpalang mukha nito para malimutan ng taumbayan ang marahas at buktot na itsura ng mga sundalong unang nakaengkwentro ng mga Pilipino. Tagakalap siya ng datos, taga-ulat ng kalagayan, tagapagturo, kaibigang matatakbuhan, pinunong pangkalusugan, tagapagsanay ng mamamahala sa bayan, kainuman, ninong sa binyag at kasal, marangal na panauhin sa mga pyesta at gawaing pambayan at, *trouble-shooter*. Malinaw ang kanyang oryentasyon: Amerikanisasyon ng mga Pilipino.

Nakatuntong sa pangkalahatang tungkulin ng Amerikanisasyon ang mga layuning turuan ang mga Pilipino sa mga karapatang sibil at sanayin para sa sariling pamamahala. Nais din daw nilang turuan ng demokrasya, pagkakapantay-pantay, pagiging amo ng sarili, gawing sibilisado at sagipin sa kamangmangan ang mga Pilipino.

Ang pagsasanay sa demokrasya ay nangangahulugan ng pagbebenta ng Amerikanong paraan ng pamumuhay na ayon kay Atkinson ay "hindi madaling gawin."

> *"The Americanization of the Philippines means training of a widely differentiated people -- as queer a mixture of languages, races, and customs as perhaps is to be found anywhere in the world." The home government demands rightly that as soon as possible the people of these islands shall become Americanized. We must begin with the child. You cannot make Americans of the adult Filipinos...we may make of the child what we choose."*[48]

Para maisagawa ito, kailangan nilang magtayo ng mga paaralang elementarya na libre para sa publiko; magsanay ng libu-libong gurong Pilipino; tumulong sa mga gawaing pambayan tulad ng kalinisan at sanitasyon, pagpapatakbo ng munisipyo, pagsasanay para sa pamamahala ng gobyerno, at higit sa lahat, magturo ng Ingles sa bata at matanda, sa mga mag-aaral at sa mga guro para turuan daw ng "nasyonalismo" ang mga Pilipino at makapag-usap sa iisang wika na hindi pinahintulot sa atin ng mga Kastila "kaya nanatili tayong watak-watak at walang pagkakaisa." Sa pamamagitan ng Ingles, magkakaroon daw tayo ng pagkakaisa at pagmamahal sa isang nasyon. Sa kabalintunaan, Amerika iyon at hindi ang Inang Bayang Pilipinas.

### ANG AKTWAL NA PAPEL AT GAWAIN

Sa maraming kaso, ang guro lamang ang Amerikano sa isang bayan.[49] Itinuturing silang kahalili ng prayle sa lawak at katangian ng kanilang gawain. At tulad din ng mga prayle, na instrumental sa kumbersyon ng mga Pilipino sa Kristiyanismo, ang mga *Thomasites* nama'y instrumental sa amerikanisasyon ng mga Pilipino.

Kung tutuusin, naging tagabura ang mga *Thomasites* ng madugong alaala ng mga sundalong Amerikano. Sa sulat ni

General Henry T Allen, Hepe ng Konstabularya, sa kanyang ulat kay Atkinson , sinabi niyang:

> *"Referring to your letter of January 25th, it gives me pleasure to inform you that with a scarcely a single exception I have heard only good reports of the work done by the teachers of English in the various parts of this islands. In a word, they are proving by their acts as well as words the wisdom of the policy adopted in regard to education here. These teachers afford the people an opportunity of learning in a most expedient and practical way what good American citizens are and what may be expected from American control. Without them, the ideas of these people would be formed largely from those with whom they have come in contact during the unfortunate times – the soldiers. I have had occasion to learn from various sources that the teachers are on extremely good terms with the people of their towns, who are beginning to rely upon them for counsel and advise on nearly all matters of importance. This means that the body of teachers, in addition to their value as instructors, will have a tremendous influence in maintaining order and peace in the archipelago. The influence of the 800 or 900 teachers under your supervision, dispersed throughout the islands giving instructions, both by exemplary habits and books, will produce a far-reaching effect scarcely attainable by any other method."*[50]

May malay ba ang mga guro sa digmaan? sa kanilang pampulitikang papel sa Pilipinas? Ano ang pagtingin nila sa rebolusyong isinusulong ng mga Pilipino?

Talos ni Freer na may digmaang nagaganap sa bansa at hindi pa lubusang napapatahimik ang mga Pilipino. Nang minsan ngang napadalaw siya sa Sta. Cruz, Laguna ay naririnig pa niya mismo ang mga putukan sa kabundukan. Tinitingnan ni Freer ang mga hindi pa nagsisisukong rebelde na isang bungkos lamang ng mga *bandido at magnanakaw*, tulad ng opisyal na tingin ng mga Amerikano. Bilang proteksyon, nagdadala rin ng rebolber si Freer kahit sa mga bisitasyon niya sa mga paaralan sa baryo.[51] Mangmang din ang tingin ni Freer sa masa kung kaya madali raw mapaniwala at mapasuporta ng mga nagpapanggap na insureksyunista kahit ang totoo, ika niya'y numero unong mga *bandidong magnanakaw* lamang ang mga ito na umaastang "Papa" at "sugo ng langit."[52] Minaliit din ni Freer ang pagkakaunawa

ng mga tao sa kalayaan na "animo'y salitang mahika sa pandinig ng mga tao subalit di naman talaga naintindihan kung ano ito."[53]

Anim din sa kanila ang napatay ng mga rebolusyonaryo, na kung tawagin nila'y *bandido at magnanakaw.* Noong 10 Hunyo 1902, apat na gurong Amerikano—sina Ernest Heger, Louis A. Thomas, Clyde O. France at John E. Wells--ang nawala na lang habang namamasyal sa paanan ng kabundukan sa Cebu at bangkay na lamang ng bumalik noong 23 Hulyo. Napatay din ng tropang Amerikano ang lider ng mga rebolusyonaryong nakapatay sa apat at nahuli ang maraming kasapi nito. Ayon kay G. Inspector Ross, alam ng mga guro ang sitwasyon dahil binigyan niya ng babala ang mga ito na mapanganib para sa kanila ang sitwasyon sa kabundukan. Si D. C. Montgomery na taga-Nebraska ay isa ng Superintendent ng Dibisyon ng mga paaralan sa Negros Occidental nang siya ay mapatay habang nagbabyahe sa pagitan ng Talisay at Bacolod noong 31 Oktubre 1902. Napatay din si Orman K. Osborn, 27 taon gulang na nakadestino sa Bolinao, Zambales noong 24 Enero 1903 habang siya ay kasama ng isang grupong tumutugis sa mga rebolusyonaryo.[54]

Marami ring kwento si Mary H. Fee hinggil sa gawain ng mga rebolusyonaryo na tinatawag niyang *ladron, gerilya, insurektos.* Bagamat hindi masyadong malakas ang gawaing rebolusyonaryo sa Capiz, ayon kay Fee, malakas ito sa mga karatig-lugar at probinsya tulad ng Ibajay, Antique, Panay, Pontevedra at Iloilo. Lubha nilang ikinatakot ang nangyari sa Balanguiga.

> *"Shortly after, however, came the shocking details of the affair at Balanguiga, and we—I speak of the feminine portion of our colony—did not feel so secure by any means. The Supervisor's wife insisted upon having a guard at her house, and when any two American women got together they discussed what they would do in case of a sudden alarm."*[55] at

> *"We lived in a maze of war talk all that autumn. I doubt not that, to the officer commanding, much that was mere excitement to us was deadly reality and anxiety, for although peace was declared, the treachery of the natives had been demonstrated at Balanguiga, and there was no certainty that the affair would not be repeated elsewhere."*[56]

Naawa rin si Fee sa kanilang hukbo habang pinupuri rin niya ang determinasyon ng mga ito. Sabi niya:

> *"The American people have little conception of the burdens laid upon the army. These were to hold a people in subjection while denying that they were in subjection; to assume the belief of peace and yet momentarily to expect war; to rule without the semblance of rule; to accomplished when all the recognized tools of accomplishment were removed; to be feared and yet to be ready to bear cheerfully all blame if that fear expressed itself in complaint. I cannot but feel that the army had much to bear in those early days, and bore it well."*[57]

### *MISTULANG PAMPULITIKANG KADRE*

Hindi lang pagtuturo sa Ingles ang naging gawain ng mga *Thomasites*. Sa umaga, direkta silang nagtuturo sa mga mag-aaral sa elementarya sa loob ng 5 1/2 oras sa isang araw. Sa hapon, isang oras naman nilang tinuturuan at inihahanda para sa paksa kinabukasan ang mga Pilipinong guro. Bahagi rin ng tungkulin nila ang mag-imbestiga, mag-organisa at magmonitor ng mga paaralan sa baryo o munisipyo. May panggabing paaralan para sa matatanda na gustong matuto ng Ingles. Isinasagawa ito sa loob ng 1 1/2 oras, tatlong beses isang linggo.[58] Tungkulin din ng mga guro ang pagbubukas ng mga paaralang normal at pagsasanay ng mga Pilipinong guro na ayon kay Perez ay

> *"at that time, it was promptly realized that the main efforts of the American teachers should be directed to the training of Filipino teachers for educational work in the islands. It was at first expected that only about 300 teachers would apply for enrollment but on the opening day more than 400 enrolled."*[59]

Ayon naman kay William B. Freer,

> *"The task that confronted the American teachers in the Philippines was not only or even mainly the personal instruction of the children and youth in English and the elementary branches; at the same time with that, it was the taking the hand of the native teachers, gradually weeding out the incompetents and filling their places, augmenting the original number, and making the entire body into an efficient corps of instructors imbued with American ideals, trained in American methods of teaching, and using the English language as the vehicle of instruction – surely not the work of a day or a year."*[60]

Ang isa sa pinakamahalagang pamana ng Espanyol sa mga Amerikano ay ang Nautical School, na ayon kay Edgar Bellairs ay kaagad binuksan ng mga Amerikano at inilagay sa pamamahala ni Lieutenant Commander V. L. Cottman, U.S.N., at mula Abril 1901 ay isinailalim sa pamumuno ni Lieutenant Commander John J. Knapp, U.S.N. Ayon kay Bellairs:

> *"The core of instructors assisting the Superintendent now consists of four American teachers and one of the former native teachers. With the change in the method of instruction has also come the change in the subjects of instruction. The course is being developed as rapidly as practicable to correspond with that of the United States Naval Academy, at Annapolis, with the exception of the military training, which is not deemed advisable to institute at present. All instruction is in English and its success has been absolute and complete. There are no Filipino boys speaking better English than those who have been at the Nautical School."*[61]

Maliban sa Ingles, tinutukan din ng mga Amerikanong guro ang *value formation* at pagtuturo ng mga kasanayan. Tampok sa mga kwento nila ang kawalan ng mga Pilipino ng konsepto ng oras, na, dumarating sa mga tipanan nang kahit anong oras, na masyadong huli at walang paggalang sa oras ng iba.[62] Pinintasan din ang "kinahiratiang kasinungalingan ng mga bata, lalo na sa paglulubid ng mga alibi kapag hindi nagagawang pumasok sa eskwela at kung paano nila tinuruang baguhin ang ugaling ito at maging mas bukas at tapat sa pagsasabi ng dahilan.[63] Inako din nila ang dahilan ng paglipas ng sistemang pagdadala ng tsaperon, ayudante at katulong sa mga lakad at pang-araw-araw na pamumuhay; ang paglaki ng kalayaan ng kababaihan at pagiging bukas at mas madulas na relasyong sosyal ng mga babae't lalake, bata at matanda, anak at magulang, mag-aaral at guro, mamamayan at mga lider. Higit sa lahat, itinuring nilang tagumpay ang paglaki ng pagpapahalaga ng mga Pilipino sa mga gawaing-kamay na dati-rati'y hindi ginagawa ng mga maykayang mag-aaral, at, ang paghahalu-halo sa klase ng anak ng meyor at anak ng magsasaka.[64]

Subalit maliban sa mga gawaing pang-edukasyon, mas malaki pa ang naging papel ng *Thomasite* sa komunidad na kanyang kinabibilangan. Kabahagi siya ng pang-araw-araw na

pamumuhay. Kaibigan at naging tagapayo sa mga dumudulog ng problema. Naging tagapayo ng ilang pamahalaang pangmunisipalidad at sa ilang kaso ay taga-ingat yaman din. Tinuturuan ang meyor at iba pang opisyales para maintindihan ang mga probisyon ng batas. Ayon kay Freer:

> *"The American teacher often had occasion to explain to the local officials or the principales a section of the municipal code or other statute which might not be plain to them or to discuss with and advise them respecting some matter of moment regarding which they are in doubt"*[65]

Kailangan din niyang maging magalang at matiyaga sa pakikitungo sa lahat lalung-lalo na sa meyor ng lugar.

Siya'y pinunong pangkalusugan sa komunidad at sinaklaw niya ang pagtuturo pati sa personal na kalinisan at sanitasyong pangkomunidad. Dinadalaw nila ang mga pasyente lalo na sa panahon ng epidemya ng kolera noong 1902. Tinuturuan nila ang mga tao na magpakulo ng tubig at ng iba pang tagubiling pangkaligtasan para di magkahawahan. Binibisita niya ang kanyang mga mag-aaral na nagkakasakit, kapitbahay na nakaratay at binibigyan sila ng gamot na kadalasa'y siya lamang ang mayroon sa komunidad.[66]

Dumadalo sila ng mga kasiyahan at pagtitipon para humigpit ang pakikipag-ugnayan sa komunidad. Tumatayo silang ninong o ninang sa maraming bata at sa mga magsing-irog na ikinakasal. Malimit silang maimbitahan sa mga sayawan. At dahil napapamahal silang lubha sa mga tao, lalo na sa mga mag-aaral, nakaranas din silang haranahin. Ayon kay Freer:

> *"The maestro Americano is a personage of importance in a Philippine town, hence that night I was favored by several more serenading parties. While on Monday three bands of music from as many different towns played in the street under my windows, and a band of Igorrotes with long spears and wooden shields stopped and gave a representation of a war dance followed by a mock fight -- all interesting and realistic except that no heads were taken."*[67]

Sa madaling salita, ang sukatan ng bisa at tagumpay ng mga Amerikanong guro ay kung makapagbuo siya ng simpatetikong relasyon sa kanyang mga mag-aaral, sa mga magulang, mga

Pilipinong guro, at higit sa lahat sa buong komunidad. Hindi kumpleto ang kanyang tagumpay kung makapagturo man siya ng Ingles. Higit na malaki ang inaasahan sa kanya ng kanyang gobyerno. Nakasalalay sa mga *Thomasites* ang responsibilidad na paamuin ang mga Pilipino at maluwag nitong yakapin ang kolonisasyon. Mistula silang mga kadreng pampulitika[68] na itinanim sa komunidad. Kaya niyang makapag-isa sa anumang sitwasyong daratnan niya. Kaya niyang makibagay at magpasok nang unti-unting inobasyon hanggang matanggap ng mga tao ang bagong sistema. Mataas ang kanyang komitment sa gawain at ginagampanan niya ang tungkulin niyang sinumpaan buhay man ay ialay.[69] Nababasa niya ang sitwasyon, walang patid na nag-iimbestiga sa paligid, nag-uulat sa mga awtoridad at kilala niya ang mga importanteng tao sa komunidad na kanyang kinakaibigan at pinag-iingatan. Nasa isip niya palagi ang pagpapanday ng ikalawang linya ng liderato ng bayan—na tapat sa bansang Amerika, nag-iisip na mistulang Amerikano, nagsasalita ng wikang Ingles, nagsasagawa ng tungkulin sa paraang Amerikano. Sa madaling salita, instrumental sila sa pagpapasulpot ng bagong henerasyon ng mga Pilipino na mamamahala sa pagpapatakbo ng bayan at mangangalaga ng interes ng mga Amerikano kahit sila'y wala na dito. Binubuod ng sumusunod na ulat ang esensya ng *Thomasites* sa pananakop ng Amerika sa Pilipinas:

> *"The teachers were obliged to conciliate the native priest or Spanish friar, to prod a lethargic municipal presidente and town council into action, and sometimes to go from house to house persuading the parents of the children to send them to school. In some case...they have paid the salaries of their Filipino teachers when the municipal treasury was empty, and have sent them to the vocation normal institutes, paying their expenses; have drilled and equipped boys' brigades and organized gala processions of children to increase the interest of the community in the schools. They have written plays and staged them, arranged athletic contests, aided unjustly oppressed peasants to secure justice, fought bandits, persuaded the natives to build trails and bridges, exercised a judicious influence in local politics; in short fulfilled officially and unofficially a variety of functions foreign to the position of a school teacher in America, but of the utmost advantage in securing the loyalty of the inhabitants to the sovereignty*

> *of the Unites States, and implanting the ideals of western civilization among them.*
>
> *The work of the teacher cannot be understood unless he is thought of discharging the many-sided functions, other than religious, formerly the prerogative of the Spanish friar. Socially, and in his intellectual influence, he is the successor of the man who for centuries was the controlling influence in these primitive communities of the Philippines. He has been the quiet mediator of modern ideas, and far transcended the role of a mere pedagogue. He has won the affection and respect of the Filipino people, as from the nature of their callings, the soldier and the merchant could not do. If the children of the Philippines could learn nothing from books, the personal influence of the American teacher would still have justified his employment."*[70]

Ang tumaliwas sa layunin ng Estados Unidos ay may mabigat na kabayaran. Halimbawa, si Austin Craig na isang Amerikanong guro na dumating sa Pilipinas noong 1904 ay nakapagtrabaho sa ilalim ng Kawanihan ng Edukasyon, pagkatapos ay naatasan bilang instruktor sa Kasaysayan sa Paaralang Normal sa Pilipinas at sa Mataas na Paaralan ng Maynila. Naging bahagi din siya ng Departamento ng Kasaysayan ng UP noong 1912 hanggang maitaas siya sa tungkulin at maging kauna-unahang tagapangulo ng Departamento.

Bilang historyador, nakapag-ambag nang malaki si Craig sa pag-aaral ng kabayanihan ni Dr. Jose Rizal at itinampok niya sa kanyang mga pag-aaral na ang isang Pilipino ay kasingtalino ng kahit na sinong tao ng ibang lahi, at ang lahing nakalikha ng isang Rizal ay karapatdapat na maging malaya at independyente. Dahil sa maka-Pilipinong paninindigan ni Craig, napasok siya sa kaguluhan na nagresulta sa pagpapatalsik sa kanya sa Unibersidad.[71]

### ANG EDUKASYON AT DISPORMADONG NASYONALISMO

Ang unang hakbang para sirain ang pagmamahal sa sariling bayan ay nang ipatupad ang Ingles bilang paraan ng pagtuturo at komunikasyon. Ayon kay Frederick S. Marquardt, ang pagbigkas ng Ingles ng mga Pilipino'y maaaring hindi katulad na katulad ng pagsasalita ng Amerikano o Briton pero ang mahalaga'y nagkakaintindihan na ang Bisaya at Ilokano. Sabi niya:

> *"The basic reason for using English was that in teaching a people democracy it was wise to use the language to which most great democratic principles were native. The use of English as a medium of instruction was probably the greatest single factor of unification during the American regime."*[72]

Magkakaintindihan tiyak ang mga Pilipino sa sariling Inang-Wika kung ito ang ipinalaganap pero syempre iba ang layunin nila. Sa pamamagitan ng Ingles ay naipabasa sa mga Pilipino ang mga Ingles na aklat, magasin at dyaryo na naging daluyan ng kanilang propaganda at inilalakong ideya at kulturang Amerikano; naipaawit ang mga awiting Amerikano; naipakilala ang mga produktong Amerikano; naipatangkilik ang mga pelikula at programa; nagkapalengke ang kanilang mga de-lata, sigarilyo, tsokolate at kotse. Pati pananamit nila ay atin nang ginagaya. Binago rin pati mga pangalan segun sa mga Amerikano. Sa madaling salita, sa pamamagitan ng Ingles ay napadaloy ang maka-Amerikanong paraan ng pamumuhay. Tinuruan nila tayong sumamba sa anumang produktong galing sa kanila. Mangarap na sana'y mapunta sa lupain ng "malalaya," ng lupain ng "gatas at pulot" at matikman ang masaganang buhay ng pamumulot ng mansanas. Ang pagsasalita ng Ingles ang naging sukatan ng karunungan at kakayahang intelektwal, naging pasaporte sa mataas na pusisyon sa trabaho at status symbol ng mga maykaya't pinag-aralan. Ang marurunong lamang ng Ingles ang nakababatid kung ano ang demokrasya sapagkat sa wikang ito lamang daw naihahayag ang mga ideya't konseptong nagpapaliwanag kung ano ang demokrasya.

Binago nila ang konsepto ng bayang Pilipinas — hindi nagsasarili at may kalayaan at may sariling kakanyahan at kalinangan; na dapat ipagtanggol sa sinumang nagtatangkang dumungis sa karangalan nito, tulad ng madalas nilang ipamarali sa ipinakipaglaban nilang kalayaan ng Amerika mula sa England noong 1776. Sa kanilang pagtuturo, pagmamahal sa Amerika ang itinampok nila bilang mapagpalang lahi. Ipinaawit ang "America," "Columbia," "The Star-Spangled Banner," at mga awiting tulad ng "ABC" "My Old Kentucky Home" and "Home Sweet Home." Kapag umaawit ang mga bata ng "My country, 'tis of thee./ Sweet land of liberty..." wala silang konsepto ng Inangbayan

kundi yaong maliit na lugar lamang na kanilang tinitirhan, pinaglalaruan at ginagalawan. Itinuro din ang pambansang awit na makakapagbigay daw ng pakiramdam ng pagsasama-sama. Itinuro nila ang "Maryland, My Maryland," na pinalitan lamang nang bahagya. Ipinalit nila ang "Philippines, My Philippines," bilang unang pambansang awit sa Ingles.

Itinaas ang bandilang Amerikano at ipinagbawal iladlad ang bandilang Pilipino bunga ng Flag Law. At habang pinagmamasdan ng mga bata ang bandilang Amerikano, ipinaaalala nang paulit-ulit ng mga Amerikanong guro kung ano raw ang sinisimbolo ng kanilang bandila—kalayaan at pagkakapantay! Sa mga parada tuwing may okasyon ay nasa unahan ang bandila ng Amerika at isinisigaw ng mga tao ang Viva America![73]

Binaluktot din nila ang kasaysayan. Pinalabas na bandido at magnanakaw ang mga rebolusyonaryong Pilipino na hindi sumuko at patuloy na lumaban sa panghihimasok ng Amerika. Mga martir at bayaning Amerikano ang itinuro sa kanilang mga mag-aaral tulad nina George Washington, Abraham Lincoln, Benjamin Franklin at Florence Nightingale. Itinampok ang kabayanihang Amerikano sa pamamagitan ng mga talata ni Alfred Tennyson na "Cannon to the right of them, cannon to the left of them," at ni Patrick Henry na "Give me liberty or Give me Death" para pukawin ang ideyalismong emosyunal ng mga kabataan at lalong sambahin ang kabayanihan at kadakilaang Amerikano.

Ayon sa mamamahayag na si John Bancroft Devins, nang bumisita sila sa paaralang normal sa Iloilo kasama ang kanyang asawa at si Gng. William Howard Taft, natyempuhan nilang tinatalakay ang tungkol kay Benjamin Franklin. Inimbitahan sila ng *Superintendent* na magtanong at pinaunlakan naman nila ito. Ganito dumaloy ang tanong at mga sagot ng mga mag-aaral:

> *"How many scholars would like to be Benjamin Franklin?"*
>
> Nagtaasan ang kamay ng lahat. Tinanong nila ang isa:
>
> *"Why would you like to be Benjamin Franklin?"*
> *"Benjamin Franklin was a wise man. I wish to be a wise man."*

Tinanong muli ang isa pa kung bakit gustong maging katulad ng Philadelphian na ito:

*"Benjamin Franklin was a wise man; a wise man is a good man I wish to be a good man."*

At isa pa:

*"Benjamin Franklin was a wise man; a wise man is a rich man; I wish to be rich man."*

Isang batang babae naman ang sumagot ng ganito:

*"Benjamin Franklin was a wise man; a wise man is a helpful man. I wish to become a teacher and help my sisters in the Philippines as my American teachers have helped me and other girls in Iloilo, therefore I wish to be like Benjamin Franklin."*[74]

Pinag-aralan ang buhay at mga tula ni Dr. Jose Rizal subalit kahit ang pagpili kay Jose Rizal bilang paksa ng pag-aaral ay maaari ring nakatago sa layuning ilihis ang isip ng mga kabataan sa armadong paglaban tulad ng ginawa ng mga Katipunero, sa halip dapat daanin sa mapayapang paghingi ng reporma ang pagsusulong ng pagmamahal at pagbabago sa lipunan.

Paano pupukawin ng mga Amerikanong guro ang pagmamahal sa kalayaan gayong sila mismo ay mga buhay na larawan ng mang-aagaw ng kalayaan? Ayon pa kay Devins, isang gabi na bumisita sila sa ilang panggabing paaralan, lubha raw silang nasiyahan sa nakita nila na sa maikling panahon ay marami nang natutunan tungkol sa kasaysayan ng Amerika at mga institusyon nito mula sa mga Amerikanong guro.

Isang linggo pa lang ang nakakaraan matapos ang ika-4 ng Hulyo at lubha silang nainteres kung ano ang nalalaman ng mga mag-aaral sa pinagmulan ng kalayaan ng Amerika. Aniya, hindi nakasagot ang mga Amerikanong guro. Isa sa kanila ang nagturan nang ganito

*"I did not feel that I could say very much about independence, even American, fearing lest I should ignite powder which I knew lay all about me. I could not conscientiously describe the struggle in America without making allusion to the struggle for Philippine Independence, which I know is very dear to the heart of many of my pupils"*[75]

Naging bahagi rin ng kurikulum ang pag-aaral sa Konstitusyon ng Amerika lalo na ang Bill of Rights, mga karapatang sibil, pagpapatakbo ng pamahalaan, katangian ng isang mabuting pamahalaan at kahulugan ng demokrasya. Binuksan nila ang kursong Sibika para turuan ang may 12,000 lalaking estudyante na naka-enrol sa paaralang pampubliko at may karaniwang edad na 20 taon para makaboto. Ang Pagsasanay sa Pamamahala at Tungkuling Sibika ay ibinigay simula pa noong 1904.[76]

At para ihanda ang ikalawang linya ng mga mamahala sa Pilipinas, inilagay sa kurikulum ang mga dapat pag-aralan: ang mga instruksyon ni Pres. Mckinley sa Philippine Commission, Ang *Act of the American Congress of July 1902, American Politics and Parliamentary Law* at ang *Colonial Governments of the European States.* Pinagdaos din ng debate ang mga mag-aaral hinggil sa mga katanungang pampubliko na tinatalakay sa lehislatura ng Pilipinas. Pinabasa ang mga estudyante ang mga pamplet na inilathala ng *Bureau of Government in the United States.* Pinagsanay din ang mga klase sa pamamahala sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng kunwa-kunwariang konsehong munisipal at asembliyang lehislatibo.[77]

Noong Hulyo 1909, binago ng Direktor sa Edukasyon ang kurikulum sa elementarya. Ipinaturo ang kursong *Government* sa ika-apat na baitang nang dalawang beses isang linggo at tag-bente minuto kada sesyon. Ang *History and Government* ay inilagay sa ika-pitong baitang at pinag-aaralan ito araw-araw sa isang piryud. Sa hayskul, ipinaturo ang *General History* sa unang taon; *Medieval and Modern European History* sa ikalawa; *United States History* sa ikatlo at *Colonial Government and Administration* sa ika-apat na taon.[78]

Sinanay din ang mga estudyante sa makinarya ng gobyerno, *parliamentary procedures* at pagboto sa pamamagitan ng mga gawaing ekstra-kurikular tulad ng pagbubuo ng mga samahang pang-estudyante. Ayon kay Mary H. Fee halimbawa:

> *"In the beginning I organized the society, acting as temporary chairman. I called for an election by informal ballot of short-term officers to serve until a time of regular elections could be set. Our first ballot polled seventy-three votes, although there were only fifty-five persons in the room.*

> *I threw that out and called for a roll call vote. In due time, a regular election took place, and officers for three months were elected. As the vote was open, the aristocratic element came off best, as was to be expected. The children of one prominent family, together with some of their friends, held every office. Practically, the result was not bad. The officers, four out of five of whom were girls, represented considerable ability. The girls were elected chiefly out of the* ***galanteria*** *of certain of the boy aristocrats, who had very little conception of what a self-governing society means, but who wished to pay their fair innamoratas a compliment.*
>
> *Our society was a pronounced success. The pupils took to parliamentary practice very much as they would to a new game. Visitors thronged our Friday afternoon meetings. We teachers had to put in six or eight hours every week, drilling the pupils on duty, helping to get up music, and meeting with committees. A teacher was parliamentary "coach," and sat at the side of Madame President, giving her directions in an undertone. All the teachers were elected honorary members and one was critic. Peace reigned and joy flapped her wings."*[79]

Nagsilbing modelo ang mga samahang pang-estudyante para sa mga matatanda, na karaniwa'y dumadalo rin at nanood ng aktibidades ng mga estudyante tuwing Byernes ng hapon na araw ng kanilang pagpupulong.

Sa kabuua'y naging matagumpay ang amerikanisasyon ng mga Pilipino. Sa Taal, Batangas halimbawa kung saan aktibo ang rebolusyon, masiglang ipinagdiwang ng mga tao ang ika-apat ng Hulyo. *"The secret of instilling Americanism,"* ayon kay Williard French, isa ring *Thomasite,"lay in the two thousand children attending the public schools in Taal."*[80]

Ganito binuod ni Lardizabal ang naging papel ng mga Amerikanong guro:

> *The American teacher was the best salesman of democracy in the Philippines. Through his precepts, his classroom techniques, his dealings with the people, his personal, social and official relationships, and both his overt and covert behaviour, the Filipinos formed their concept of democracy. A few of the Americans unfortunately did not practice what they preached. Some army people and a few American civilian employees were not as democratic on the whole as were the American teachers. It was the teachers who sold the American way of life to the Filipinos."*[81]

Samantalang ayon naman kay Gov. Juan Pimentel ng Bicol,

> *"There are no stronger Americanistas than those school children who have come within the sphere of the personal influence of the American teachers. Such converts to American ways and ideas are seldom if ever lost."*[82]

Gayunman, may mga sagabal din sa pagtuturo ng mga konseptong dala-dala ng mga Amerikano. Mahirap ituro sa mga Pilipino ang teorya ng Amerikano sa pampulitikang pagkakapantay-pantay samantalang ang gawi ng ilang Amerikano mismo'y nagpapakita ng diskriminasyon at pagmamaliit sa mga Pilipino. *"Some Americans were not really democratic and were guilty of social discrimination in their own lives. Many talked of democracy but showed little democracy in their behavior."* ayon kay Mary H. Fee.

Subalit higit pa sa gawi at asal ng mga gurong ito, napakalaking sagabal ang katotohanang ang pamahalaan nila ay nanghimasok mismo sa kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas. At kung meron mang unang-unang lumabag sa mga karapatang demokratiko ng mga Pilipino, gobyernong Amerikano ito. Gobyernong Amerikano ang nagbawal magladlad ng ating bandila; ang nagbawal magpaawit ng ating pambansang awit; ang tumawag na bandido at magnanakaw sa mga rebolusyonaryong patuloy na lumalaban sa kanilang pananakop; ang nagpatupad ng batas-sedisyon at batas-pagbabandido; ang nagpatupad ng mahigpit na sensura sa mas midya; at ang gumawa ng walang katulad na karahasan sa mga Pilipino. Kaya naging matagumpay man sa kabuuan ang Amerikanisasyon ng mga Pilipino, naghasik din ito ng binhi ng galit sa puso ng ilan na magiging daan ng panibagong yugto ng pakikibakang pambansa at demokratiko sa mga susunod na henerasyon ng mga Pilipino.

## KONGKLUSYON

Sa Digmaang Pilipino-Amerikano, mga sundalo mismo ang nagsabi ng walang katulad na kahalagahan ang ginampanang papel ng mga Amerikanong guro -- kilala sa tawag na *Thomasite.* Higit sa anupamang paraan, ang edukasyon at pagtuturo sa pamamagitan ng ganap na pakikipamuhay at paggawa sa komunidad ng mga Thomasites. Susi ang mga *Thomasites* sa

pagkuha ng isip at puso ng mga Pilipino para yakapin ang bagong kolonyal na paghahari ng Estados Unidos at itulak ang mamamayan para sa ganap na amerikanisasyon. Sila ang ikalawang hukbo ng pananakop na ipinadala ng Amerika para lupigin ang isipan at damdamin ng mga Pilipino at itulak ang kanilang interbensyunistang giyera sa ganap na tagumpay.

Ang mga *Thomasites* ay mistulang mga kadre ng rebolusyon na itinanim sa mga komunidad. Gumampan sila ng samut-saring katungkulan. Nagturo ng Ingles sa mga mag-aaral sa elementarya. Nagsanay ng mga Pilipinong guro para makatuwang sa pagtuturo. Nagsagawa ng mga panggabing paaralan para sa Ingles Nagbukas ng mga paaralang bokasyunal at sining pang-industriya. Nagtayo at nagsuperbays ng maraming paaralan bilang pundasyon ng sistemang pampublikong paaralan na sunod sa modelong Amerikano. Sinanay din nila ang kanilang mag-aaral at estudyante sa makinarya ng gobyerno at kaparaanang parlamentaryo.

Subalit hindi lang ito ang gawain ng mga *Thomasites*. Higit pa rito ang tungkuling kaakibat ng pagiging mamamayang Amerikano nila. Narito sila hindi sa pribadong kapasidad kundi bilang kinatawan ng Amerika. Kailangan nilang panatilihin ang mataas na prestihiyo ng pagiging Amerikano para mapaniwala ang mga Pilipino na mapagpala nga nilang kinukupkop ang bayan ng mga mangmang at barbariko. Sentral sa tungkulin nila ang makuha ang simpatiya ng masa at payapain ang nag-aalsang mamamayan.

Sa ganitong oryentasyon, gumampan sila ng mga katungkulang hindi regular na bahagi ng kanilang pagiging guro gaya ng mga sumusunod: Pagtulong sa meyor ng bayan ng kanyang destino; pagpapaliwanag sa mga opisyales ng mga probisyon ng batas; pagsisilbi bilang mga pinunong pangkalusugan, pakikinig sa mga problema't hinaing ng mga mamamayan; pagdalo sa mga pagtitipon; pagtayong ninong sa mga bata na binibinyagan at magsing-irog na ikinakasal; pagpunta sa patay at mga lamayan, pagdalo sa parti at mga kasiyahan para dumulas pang lalo ang kanyang relasyon sa komunidad; pag-aabono sa mga Pilipinong gurong hindi nakakasweldo.

Halos ang guro lamang ang Amerikano sa isang bayan. Inihahalintulad siya sa prayle na may malaking impluwensya sa buhay ng mga Pilipino. Ang *Thomasite* ay may kakayanan ding makapag-isa sa anumang sitwasyong kanyang kinapapalooban. Marunong siyang umangkop, makibagay at magsakripisyo. Sa gitna ng panganib, hindi natinag ang kanilang komitment na makapaglingkod sa ngalan ng Amerika. Lagi niyang inaalam ang sitwasyon at nag-uulat sa kanyang superyor. Tinatangi niya ang kanyang kakaibiganin at pag-iingatan sa komunidad. Sa bandang huli ay nagtagumpay siya na mapamahal sa komunidad at sa bansa pa nga at itinuring na malaking kabayanihan ang naiambag nila sa sangkatauhan. Kung wala ang mga *Thomasites,* mahihirapan ang Amerika sa pasipikasyon ng bansa.

Ginawa nilang Ingles ang paraan ng pagtuturo at komunikasyon. Sa ganitong paraan, naipasok nila ang mga konsepto at ideyang Amerikano. Naipakilala rin ng mga Amerikano ang kanilang mga produkto at nakalikha ng palengke para dito. Binaluktot nila ang kasaysayan, pinalabas na bandido at magnanakaw ang mga rebolusyonaryo; pinatampok ang mga bayaning Amerikano; pinasamba ang bandila ng Amerika bilang simbolo raw ng kalayaan at pagkakapantay-pantay. Samantala, ang sumalungat sa agos, tulad ng ipinakita sa karanasan ni Austin Craig, ay napatalsik sa kanilang pwesto.

Sa loob ng halos apat na dekada, naihanda ng Amerika ang bagong henerasyon ng mga Pilipino na masunurin sa kanila; palasamba sa mga produktong Amerikano; nahihiyang mag-Tagalog at may pakiramdam na matalino kapag nag-Ingles. Instrumental sila sa lalong paghihiwalay ng mga nakapag-aral at ng masa ng sambayanan. Ang sukatan ng pagiging mahusay na Pilipino, sa kasamaang palad ay larawan ng isang Amerikano. Ang kaisipang kolonyal ay isang trahedyang kailangan pang igpawan hanggang ng kasalukuyang henerasyon ng mga Pilipino. Marami pa rin ang nakatingin sa Amerika kung ang pinag-uusapan ay magandang kapalaran. Sa larangan ng gobyerno, tiniyak ng Amerika na handa na ang ikalawang linya ng liderato na masunurin at magtatanggol ng kanilang interes kahit hindi na sila ang direktang namamahala sa bansa.

Hindi nabigo ang mga *Thomasites* sa kanilang misyon. Sila ang dahilan kung bakit wala na si Juan at nariyan na si John. Bayani sa Amerika ang mga *Thomasites* pero hindi para sa atin.

Bilang paggunita sa anti-imperyalistang pakikibaka ng mga Pilipino mula pa noong digmaang Pilipino-Amerikano, kailangan muling idiin na panahon na para sa mga higanteng hakbangin sa larangan ng edukasyon. Kailangan na talagang puspusang gamitin at itaguyod ang ating pambansang wika nang mahugasan na rin ang dugong kolonyal na nananalaytay sa ating mga ugat. Dapat isulat at isalin ang mga babasahin sa ating wika. Panahon na para sukatin ang karunungan sa kakayahang maipahayag ang sarili sa sariling wika at tapusin na ang maling pag-aakala na ang Ingles lamang ang wika ng intelektwal. Ang mga lider ng bansa ay dapat magpakita ng halimbawa unang-una na sa paggamit ng sariling wika sa opisyal at di-opisyal na gawain nila. Nang sa gayon ay makalahok ang masa sa mga pambansang usapin at diskurso pati sa pagdedesisyon ng kanilang kinabukasan.

Ang kurikulum ay dapat nang baguhin. Ang mga kurso ay dapat iangkop sa pangangailangan ng bayan. Ang kasaysaysan ay dapat lapatan ng perspektibang maka-Pilipino at makamasa. Bigyang-diin ang pangangailangan ng bagong siglo lalo na sa larangan ng agham at batayang pananaliksik; kailangan ding patibayin ang mga kursong nagpapatalas ng pagsusuri ng mga mag-aaral lalung-lalo na sa mga panlipunang kaganapan at pagtibayin ng kanilang pagmamahal sa bayan at sa mamamayan. Kailangang din pasipain ang produktibong potensyal ng mga kababaihan.

Ang mga guro ay dapat bigyan ng insentibong sosyo-ekonomiko at tuluy-tuloy na pagsasanay para nananatili silang nakakaagapay sa mga pinakahuling pagbabago sa larangan ng edukasyon. Ang mga guro sa kabilang banda ay may pangunahing tungkuling magpalaya ng kaisipan upang makatulong sa pagpapalaya at pagpapakilos ng bayan.

Ilan lamang ito sa kaya nating gawin sa kagyat. Mas malaki pa ang dapat baguhin kung titingnan naman ang pangmatagalang kaunlaran. Pero kagaya ng ipinakita ng karanasan ng mga

Thomasites, susi ang edukasyon sa pagkakamit ng anumang pag-unlad.

At gaya ng ipinapakita ng kasaysayan, ang edukasyon ay isang politikal na bagay.

## MGA PINAGSANGGUNIAN

### *MGA AKLAT*

Atkinson, Fred W. *The Philippine Islands*. Boston, New York, Chicago & London: Ginn & Co., 1905. 426 pp.

Bellairs, Edgar G. *As It Is in the Philippines*. New York: Lewis Scribner & Co., 1902. 236 pp.

Cruz, Romeo V. *America's Colonial Desk and the Philippines, 1898-1934*. Quezon City: University of the Philippine Press, 1974.

Devins, John Bancroft. *An Observer in the Philippines or Life in Our New Possessions*. Boston, New York & Chicago: American Tract Society, 1905. 415 pp.

Fee, Mary H. *A Woman's Impressions of the Philippines*. Chicago: A.C. McClurg and Co., 1910. 271 pp.

Freer, William C. *The Philippine Experience of an American Teacher*. New York: Charles Scribner's Sons, 1906. 341 pp.

Gates, John Morgan. School Books and Krags, *The United States Army in the Philippines, 1898-1902*. Contributions in Military History No.3. Wesport, Connecticut; London, England: Greenwood Press, 1937. (Disertasyon)

Lardizabal, Amparo Sta.Maria. *Pioneer American Teachers and Philippine Education*. Quezon City: Phoenix Publishing House, 1991. 168 pp. (Disertasyon, 1956)

Llanes, Ferdinand C., Editor. *Pagbabalik sa Bayan; Mga Lektura sa Kasaysayan ng Historiyograpiya at Pagkabansang Pilipino*. Manila: Rex Book Store, 1993.

Pecson, Geronima T.& Racelis, Maria. *Tales of the American Teacher*. Manila: Carmelo & Bauermann, Inc., 1959. 254 pp. Kabilang dito ang mga sumusunod na artikulo:

Aldana, Benigno *"The Early American Teacher," 1929*. 4pp.

Encarnacion, Julian. *"From the Days of the Lakans to the Coming of the Transport Thomas," 1953*. 10 pp.

Marquardt, Frederick S. *"Life with the Early American Teachers,"* 1943. 6 pp.

*Advise to the American Teachers in the Provinces from the Deputy Division Superintendent of Cebu, 1902*. 8 pp.

The American Teacher from the *Census of the Philippine Islands,* 1903. 2pp.

Perez, Gilbert S. *From the Transport Thomas to Sto. Tomas: The History of the American Teachers in the Philippines*, 1929. 30 pp.

Sheridan, Richard Brinsley. *The Filipino Martyrs: A Story of the Crime of February 4,1899 By an Eye Witness*, 1899

Wright, Hamilton M. *A Handbook of the Philippines*. Chicago: A.C. McClurg & Co., 1909

### MAGASIN

Atkinson, Fred W. "The Educational Problems in the Philippines". *The Atlantic,* Vol 185 (March 1902)

French, Williard. "The Public School System in the Philippines". *North American Review*, Vol. 180 (April 1905)

"Educating the Filipinos" . *The National Geographic Magazine. Vol. XVI*, 1905

### MGA TALA

1 Richard Brinsley Sheridan, *The Filipino Martyrs: A Story of the Crime of February 4, 1899 By an Eye Witness,* pp.

2 *Ibid.*, p. 169.

3 John Morgan Gates. *SchoolBooks and Krags, The United States Army in the Philippines, 1898-1902*. Contributions in Military History No.3. Wesport, Connecticut; London, England: Greenwood Press, 1937. P. vii

4 Krag-Jorgensen rifles ang istandard na ripleng gamit ng tropang Amerikano noon.

5 Si William Howard Taft, na Tagapangulo ng Ikalawang Komisyon ng Pilipinas at unang sibilyang Gobernador ng Pilipinas ang unang nagbansag nito sa mga Pilipino para raw walang ipinagkakaiba ang "namamahala" sa "pinamamahalaan." *Pioneer American Teachers and Philippine Education, 1953*. Nasa Geronia T. Pecson, at Maria Racelis, editors. *Tales of the American Teachers in the Philippines*. Manila: Carmelo & Bauermann Inc., 1959. pah. 97.

6 Julian Encarnacion. *From the Days of the Lakans to the Coming of the Transport Thomas* 1953. Pecson and Racelis, *op.cit.*, p. 18.

7 Gates, *op. cit.* P. 138.

8 Fred. W Atkinson, *The Philippine Islands*, Boston, New York, Chicago at London: Ginn & Co., 1905. p. 381. Si Fred Atkinson ang hinirang ng Pangulong McKinley na Pangkalahatang Superintendent ng Kawanihan ng Pampublikong Instruksyon sa Pilipinas mula noong Hulyo 1900.

[9] Gates, *op. cit.*, p. 138.

[10] Ang *normal school* ay paaralang sanayan ng mga hayskul gradweyt, kalimita'y nagbibigay ng dalawang taong pagsasanay para maging guro sa elementarya pagkatapos.

[11] Gates, *op.cit.*, p. 138.

[12] *Ibid.*, p. 138.

[13] *Ibid.*, p. 139.

[14] *Ibid.*, 139.

[15] *Ibid.*, p. 143.

[16] Atkinson, *op. cit.*, p. 382.

[17] Gates, *op. cit*, 143.

[18] Pecson and Racelis, *op. cit.*, p. 438.

[19] *Ibid.*, p. 19.

[20] Atkinson, *op. cit.*, p. 384.

[21] Romeo V. Cruz. *America's Colonial Desk and the Philippines, 1898-1934*. Quezon City: Unversity of the Philippine Press, 1974, p.82.

[22] Amparo Sta. Maria Lardizabal, *The Philippine American Teachers and Philippine Education*. Quezon City:Phoenix Publishing House Inc., 1991 p. 72-76. Ang aklat na ito ay isinulat ni Dr. Lardizabal bilang kanyang disertasyon noong 1956.

[23] Atkinson, *op. cit.*, pp. 385-6.

[24] Pecson and Racelis, *op. cit.* p. 14

[25] Lardizabal, *op. cit.*, p.7.

[26] Mary H. Fee, *A Woman's Impressions of the Philippines*. Chicago: A.C. McClurg and Co., 1910 Si May H. Fee ay dumating sa Pilipinas noong 1901 sakay ng barkong Buford. Nauna lamang ito ng isang linggo sa barkong *Thomas*. Nadestino siya sa Capiz at nagtagal doon nang anim na taon.

[27] William C. Freer, *The Philippine Experience of an American Teacher*. New York: Charles Scribner's Sons, 1906. Si G. Freer ay dumating sa Pilipinas sakay ng barkong Meade, malamang sa panahon ng tag-init noong 1901. siya ay guro at naging superintendent ng mga paaralan sa Solano, Nueva Viscaya at sa lalawigan ng Bicol kung saan siya nadestino.

[28] Aldana, p. 10.

[29] Gilbert S. Perez, *From the Transport Thomas to Sto. Tomas: The History of the American Teachers in the Philippines, 1929*. p. 7. Si Dr. Gilbert Perez ay isa sa mga pinakahuling nanatilingThomasite sa Pilipinas Narito pa siya noong 1959. Naging Hepe ng Division of Vocational Education of the

Bureau of the Public Schools at Tagapangulo ng Philippine Heraldry Committee kung saan siya'y responsable sa pagdidisenyo ng mga coat-of-arms, watawat, selyo at medalya para sa mga dibisyon ng pamahalaan at mga opisina nito.

[30] *Ibid.*, p. 8-9.

[31] *Ibid.*, p. 9-10.

[32] Lardizabal, p.8, Nasa Atkinson din. 320.

[33] Ang mataas na kwalipikasyon ng mga *Thomasites* ay mapapansin sa mga guro na nagtapos pa sa de-kalidad na unibersidad sa America: Pinakamarami ay nanggaling sa University of California, pangalawa ang University of Michigan; pangatlo ang Harvard at pang-apat ang Yale.Lardizabal, pp. 144-148. Konsultahin din si Atkinson, p. 390.

[34] Perez, *op. cit.*, p. 8.

[35] Lardizabal, *op. cit*., 8.

[36] Ibid. p. 10 -11.

[37] Charles F. Thwing, *Education in the Far East*. Boston & New York: Houghton Mifflin co., 1909. p. 236.

[38] Lardizabal, 12-15. Tingnan din si Thwing, p. 237. Ayon sa kay Thwing, ang mga layunin ng mga Amerikanong gurong nagtungo sa Pilipinas ay ang mga sumusunod: 1) magtatag ng demokrasyang pampulitika sa pagitan ng mga tribong nagdidigmaan; 2) magtatag ng mga institusyong sosyal sa mga mamamayang ang buhay ay hungkag at hubad; 3) itaguyod ang elemento ng katwiran sa mga tribo na lulong sa pamahiin; 4) pagyamanin, kundi man magbigay ng sibilisasyon sa ilalim ng impluwensyang Amerikano; 5) magkaroon ng bisig, puso at isip sa pagsasagawa ng maraming bagay mapakalusugan, industriyal o administratibong gawain man.

[39] Lardizabal, *op. cit*., p. 51.

[40] Lardizabal, *op. cit*., p.51.

[41] Lardizabal, *op. cit*.,p. 51.

[42] Lardizabal, *op. cit*., p.51.

[43] *op. cit.*, 12-13.

[44] *Ibid.*, p. 51.

[45] Encarnacion, op. cit. p. 14.

[46] Ibid, p. 12.

[47] Advise to the American Teachers in the Provinces. From the Deputy Division Superintendent of Cebu, 1902. Excerpts mula sa papel na binasa sa harap ng American Teachers' Institute at Cebu, June 16, 1902. sinipi mula sa Tales, p. 124 at 129-30.

[48] Fred W. Atkinson, "The Educational Problems in the Philippines," The Atlantic, Vol. 85 (March 1902), p. 363.

[49] Perez, op. cit. p. 26.

[50] Devins, John Bancroft. *An Observer in the Philippines or Life in Our New Possessions*. Boston, New York & Chicago: American Tract Society, 1905. p.194.

[51] Freer, p.115 at 225.

[52] Freer, pp. 136-9. Dahil nakadestino sa Bicol si Freer, maaaring tintukoy niya rito ang armadong kilusang Babaylanes nina Papa Icio na nakipaglaban sa mga Amerikano para sa kalayaan ng bayan hanggang madakip ito noong 1907.

[53] *Ibid.*, p. 138.

[54] Perez, op. cit. pp. 16-17.

[55] Fee, op. cit. 165.

[56] *Ibid.*, p. 170.

[57] *Ibid.*, p. 170.

[58] Perez, op. cit. 36

[59] *Ibid.*, p. 33.

[60] Freer, op. cit. p. 97.

[61] Edgar G. Bellairs. *As It Is In the Philippines*. New York: Lewis Scribner & Co, 1902. pp. 40-41.

[62] Fee, op. cit. pp. 54-55.

[63] Freer, op. cit. p. 278.

[64] Lardizabal, pp. 99-105.

[65] Freer, op. cit. pp. 97-99.

[66] *Ibid.*

[67] *Ibid.*, p. 79.

[68] Kadre ang tawag sa isang taong may kumprehensibong katangian at pambihirang dedikasyon sa tungkulin at kalimitang instrumental sa paglawak ng organisasyon o unit na kanyang kinabibilangan. Itinuturing siyang buto na kapag itinanim ay tutubo at mamumulaklak, para sa mithiing isinusulong ng samahan.

[69] Sa unang 20 buwan ng mga Thomasites sa Pilipinas ay 27 kaagad ang namatay sa kanila; anim ang napatay ng mga rebolusyonaryo at 21 naman ang namatay sa sakit at kawalan ng angkop na serbisyong medikal. Konsultahin, Perez, p. 14.

[70] Report of the Census of the Philippine Islands, Vol III, 1905. pp. 644-5. Sinipi Sa Freer, 99-100.

[71] Napoleon J. Casambre, *Ang Mga Pagsisimula ng Historiyograpiyang Pilipino, 1900-1950.* Nasa Ferdinand C. Llanes, editor. Pagbabalik sa Bayan: Mga Lektura sa Kasaysayan ng Historiyograpiya at Pagkabansang Pilipino. Manila: Rex Book Store, 1993. pp. 35-36. Para sa kabuuang kontribusyon ni Austin Craig, tingnan din ang Manuel, Arserio, *Dictionary of Philippine Biography*. Quezon City: Filipiniana Publications, 1955. Vol. II, p. 132 at Elsie S. Ramos, et.al , Kasaysayan ng Departamento ng Kasaysayan (1910-1958). Unpublished term paper in Historiography 199.1, U.P., 1987.

[72] Frederick S. Marquardt, *Life with the Early American Teachers., 1943.* Tales of the American Teachers. pp. 4-5. Ang awtor ay anak ni M. M. Marquardt, isang *Thomasite* na nagsilbi sa Pilipinas sa loob ng 18 taon.

[73] Freer, op. cit. pp. 107 at 230.

[74] Devins, op. cit. p. 202.

[75] *Ibid.*, p. 200.

[76] Philippine Islands, Department of Public Instruction, Bureau of Education, *Annual Report of the General Ssuperintendent of Education, 1904.* Manila: Bureau of Public Printing, 1904. p. 33 sinipi sa Lardizabal, p. 109.

[77] *Ibid.*

[78] Philippine Islands Department of Public Instruction, Bureau of Education. *Tenth Annual Report of the Director of Education for the Philippine Islands, July 1, 1909 to June 30, 1910.* Manila: Bureau of printing, 1910. p. 18-22 sinipi sa Lardizabal, p. 110.

[79] Fee, op. cit. p. 143-144.

[80] Williard French, "The Public School System in the Philippines," North American Review, Vol. 180 (April 1905) p. 551.

[81] Freer, op. cit. pp. 97-99.

[82] Governor Juan Pimentel, sinipi sa Hamilton M. Wright, A Handbook of the Philippines. Chicago:A.C. McClurg & Co. , 1909 p. 83.